

Ang Seattle Parks and Recreation’s Summer of Safety program ay nagbibigay ng nakabalangkas na mga aktibidad at isang ligtas na lugar para sa mga kabataan.

Ang Seattle Parks and Recreation ay mag-aalok ng Summer of Safety (SOS), ng isang libreng programa na magbibigay ng nakabalangkas na mga aktibidad at isang ligtas na lugar para sa mga kabataan na hindi konektado sa iba pang mga pinangangasiwaang programa sa panahon ng tag-init. Nakatuon ang programa sa paghahatid ng magkakaibang uri ng kabataan na mula sa mga pamilyang mayroong mababang kita.

Ang SOS ay mag-o-operate sa limang lokasyon ng sentro ng komunidad sa ibat-ibang araw sa buong panahon ng tag-init (tingnan ang iskedyul sa ibaba). Karamihan ng mga site ay magbibigay ng libreng pananghalian sa kabuuan ng City’s Summer Food Service Program. Ang karaniwang mga aktibidad ng SOS ay kabilang ang mga field trip, arts at craft, gayundin ang isport at athletics. Tatakbo ang programa umulan man o umaraw at hindi kailangang mag-sign up; maaaring pumunta ang mga kabataan anumang oras sa panahon ng regular na oras ng programa.

Iskedyul ng Summer of Safety:

Bitter Lake Community Center	Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes, alas 11 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon, 7/2-8/24.	Ang Pananghalian at Meryenda ay hatid ng Summer Food Service Program.
Delridge Community Center	Lunes hanggang Huwebes, alas 11 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon, 7/2-8/31	Mayroong libreng meryenda
Rainier Community Center	Lunes , Miyerkules, Biyernes, alas 12-5 ng hapon, 6/25-8/31	Ang Pananghalian at Meryenda ay hatid ng Summer Food Service Program.
South Park Community Center	Lunes - Biyernes, alas 12-5 ng hapon, 6/25-8/24	Ang Pananghalian at Meryenda ay hatid ng Summer Food Service Program.
Van Asselt Community Center	Lunes hanggang Biyernes, alas 12 – 5 ng hapon, Hulyo 2 hanggang Agosto 31	Ang Pananghalian at Meryenda ay hatid ng Summer Food Service Program.